

**Umiiral at Binabalak na mga Hakbangin
sa Pagtataguyod ng Pagkakapantay-pantay para sa mga Etnikong
Minoridad**

Medikal at Kalusugan

Iyan ang palisiya ng Pamahalaan na magtataguyod at magprotekta sa kalusugan ng ating komunidad at ang serbisyong pangangalaga sa kalusugan ng publiko ay makukuha ng lahat na mga kasapi ng publiko na di-isinaalang-alang ang kanilang Iahi at etnikong mga pinagmulan. Espisipikong mga hakbangin ay isinagawa upang pangasiwaan ang mga etnikong minoridad upang makuha ang mga serbisyong pangangalaga sa kalusugan ng publiko.

- Mga Serbisyong Nababahalala
- Ang mga serbisyong pangangalaga sa kalusugan ng publiko sa Hong Kong ay naglalakip sa saklaw ng mgaserbisyo mula sa pagtataguyod ng kalusugan, pag-iiwas sa sakit, tungo sa primarya, sekondarya at pangatlong pangangalaga. Ang mga serbisyo sa pasyente ay pangunahing ibibigay ng Awtoridad ng Ospital (HA), na kung saan sa katawan na ayon sa batas ay itinatag sa ilalim ng Ordinansa ng Awtoridad ng Ospital (Kap.113) upang pamamahalaan ang lahat na publikong mga ospital sa Hong Kong. Ang HA ay nagbibigay ng paggagamot na medikal at mga serbisyong rehabilitasyon sa publiko sa pamamagitan ng mga ospital, kalahatang labas-pasyenteng mga klinika at mga serbisyong pag-aabot. Samantala, ang Kagawaran ng Kalusugan (DH) ay ang tagapayo sa kalusugan ng Pamahalaan at ahensya na magsasagawa ng mga palisiyang kalusugan at mga punsyon na ayon sa batas. Ito rin ay magbibigay ng saklaw na mga serbisyo sa pagtataguyod ng kalusugan, pag-iiwas sa sakit, paggaling at rehabilitasyon.

Mga Umiiral na Hakbangin

Mga serbisyong pagsasalin sa pampublikong mga ospital/mga klinika:

- Mga serbisyong pagsasalin ay makukuha sa pampublikong mga ospital/mga klinika sa ilalim ng pamamahala ng HA karaniwan sa pamamagitan ng isang

taga-pagkontrata ng serbisyo, pansamantalang tagasalin sa korte, mga boluntaryo at mga konsuladong opisyal. Ang serbisyong pagsasalin ay binigay ng taga-pagkontrata ng serbisyo na sumasaklaw ng 18 mga wika¹ ng etnikong minoridad (tulad ng Urdu, Hindi, Punjabi, Nepali, Bahasa Indonesyano, Vietnamese, Thai, Koryano, Bengali, Nippongo, Tagalog (Pilipino), Aleman, Pranses, Sinhala, Espanyol, Arabik, Malay at Portuguese). Ang mga serbisyong pagsasalin ay makukuha rin sa mga DH's na mga sentro ng kalusugan/mga klinika higit sa lahat sa pamamagitan ng Serbisyo ng Kristiyano sa Hong Kong na Sentro Para sa Armonya at Pagpapahusay ng Mga Residente sa Etnikong Minoridad (CHEER), isang taga-pagkontrata ng serbisyo², at pansamantalang tagasalin mula sa Hudikatura. Ang serbisyong pagsasalin ay ibinigay ng CHEER na naglakip ng pitong mga wika, tulad ng Bahasa Indonesyano, Hindi, Nepali, Punjabi, Tagalog, Thai at Urdu, samantala ang taga-pagkontrata ng serbisyo ay nagbibigay ng 11 higit na mga wika (tulad ng Arabik, Bengali, Pranses, Aleman, Niponggo, Koreyano, Malay, Portuguese, Sinhala, Espanyol, at Vietnamese) dagdag pa sa pitong mga wika na saklaw ng CHEER. Pansamantalang mga tagasalin galing sa Hudikatura ay nagbibigay ng mga serbisyong pagsasalin sa higit na 50 iba't-ibang mga wika at mga dyalekto. Ang serbisyo ay ibinigay sa lugar o sa pamamagitan ng telepono depende sa pangangailangan ng bawat kaso.

- Para sa naka-iskedyul na serbisyo (gaya ng pagkikitang medikal sa isang espesyalista at ang kalahatang labas-pasyente na mga klinika ng HA at mga serbisyo ng DH), ng mga pasyente ay kailangan maghiling sa ospital/klinika/mga sentro ng kalusugan na nababahala upang isaayos ang serbisyong pagsasalin nang nauuna. Para sa di-naka-iskedyul na serbisyo (gaya ng pagpasok sa ospital sa panahon ng emerhensya), ang kawani ng klinika ang magsaayos para sa pagbigay ng serbisyong pagsasalin kung saan ay kailangan o ayon sa paghiling ng pasyente. Kapwa ang CHEER at ang

¹ Ang kontratista ng serbisyo ng HA ay nagbibigay ng mga serbisyo ng interpretasyon sa 19 na wika, kabilangang 18 wika para sa mga etnikong minoritya at sign language.

² Ang DH ay nakipag-ugnay sa isang kontraktor ng serbisyo para sa pagbibigay ng serbisyo ng interpretasyon para sa isang taon na nagsisimula mula 1 Setyembre 2017 hanggang 31 Agosto 2019.

taga-pagkontrata ng serbisyo ng DH ay magbibigay din ng pagsasalin sa telepono.

- Upang mapabuti ang batayan ng mga serbisyong pagsasalin na ibinigay sa publikong mga ospital/mga klinika, kapwa ang HA at DH ay nagsaayos kasama ang kanilang mga taga-pagkontrata ng serbisyo na magbigay ng pagsasanay sa mga tagapagsalin ng mga taga-pagkontrata ng serbisyo upang mabigyan sila ng kalahatang karunungan sa pagpapatakbo ng ospital at klinika ng kalusugan/sentro, mga terminolohiyang medikal at pagkokontrol ng impeksyon. Mga paskil ng publisidad sa mga serbisyong interpretasyon sa mga wika ng etnikong minorya ay ipinakita rin sa hayag na mga lokasyon ng mga klinika / mga sentro ng kalusugan ng DH.

Ibang mga hakbangin upang pangasiwaan ang komunikasyon:

- Upang pangasiwaan ang komunikasyon kasama ang mga etnikong minoridad sa publikong mga ospital/mga klinika, ang HA ay nagbibigay sa kanyang mga pambungad na kawani na may tugon na panumbok na mga kard, mga pilyegong impormasyon ng pasyente at mga porma ng pahintulot, atbp., sa iilang bilang ng mga wika ng etnikong minoridad upang pabutihin ang komunikasyon sa gitna ng kawani ng klinika at ng mga pasyente, pangasiwaan ang pagrehistro at pagtataguyod ng mga serbisyo. Ang mga dokumentong ito ay naglalaman ng mga impormasyon ng iilang karaniwang mga sakit (hal. sakit ng ulo, sakit sa dibdib at trangkaso, atbp.), mga paraan ng paggamot (hal. pagsasalin ng dugo, kaligtasan sa radyasyon, atbp.) at mga detalye sa serbisyo ng HA (hal. mga bayarin at mga singil, pag-uuri ng kategoriya sa Kagawaran ng Aksidente at Emerhensya). Ang HA ay kasalukuyang gumagawa ng mga panumbok na mga kard, mga pilyegong impormasyon ng pasyente at mga porma ng pahintulot sa 18 mga wika, gaya ng Urdu, Punjabi, Bengali, Rusyano, Arabik, Nepalese, Vietnamese, Indonesyano, Malaysyano, Thai, Tagalog (Pilipino), Niponggo, Hindi, Koryano, Aleman, Portuguese, Espanyol at Pranses.

Ang mga cue card sa mga wikang etnikong minority ay ginagamit din para sa pakikipanayam sa mga kliyenteng etnikong minority sa mga klinika / mga sentro ng pangkalusugan sa ilalim ng DH.

- Ang HA ay nag-organisa ng mga seminar o mga kursong pagsasanay sa etnikong minoridad at mga ordinansang kontra-diskriminasyon sa kumpol na lebel ayon sa kanilang pangangailangan ng serbisyo. Ang Sentro ng HA e-Learning ay nag-aalok ng e-courseware sa komunikasyon kasama ang mga etnikong minoridad, karunungan tungkol sa kultura ng etnikong minoridad at tamang pagsasaayos ng serbisyong pagsasalin sa ospital. Ang mga kalahok sa mga pagsasanay na ito ay naglakip sa mga pambungad na kawani na nagtatrabaho sa pagtatanungan na mga kawnter ng mga ospital at mga klinika, mga nars at mga kawang pangkleriko. Bukod sa, kaugnay na mga impormasyon sa mga etnikong minoridad ay pinagsama sa programang oryentasyon para sa bagong kawani. Sa nakalipas na 3 pinansyal na taon, ang kabuuang bilang ng mga kalahok para sa nasabing mga pagsasanay at e-courseware ay higit sa 11 074. Ang DH ay nagbibigay ng pagsasanay sa katumbas na mga oportunidad para sa mga kawani upang iangat ang kanilang pagkabatid at pag-uunawa sa usapin, kasama ang paglahok ng higit sa 500 mga kawani mula sa iba't-ibang mga baitang sa bawat taon ng katampatan. Kaugnay na mga impormasyon at mga materyales ng pagsasanay sa pantay na mga oportunidad at pangkultura na pagkamapagdamdam sa gawaang-lugar ay makukuha rin sa pangkagawarang intranet para sa reperensya ng mga kawani.
- Ang mga mapagkukunang edukasyon sa kalusugan na ginawa ng DH para sa publiko ay pangkalahatan para sa kapwa Tsino at Ingles. Isinalin din ng DH ang iba't-ibang mga pangunahing impormasyon tungkol sa kalusugan, hal. pamantayan kapag may ubo, tamang hakbang ng paghuhugas ng kamay, pansarili at pangkapaligiran na kalinisan, indibidwal na nakakahawang mga sakit, malulusog na pagkain, pisikal na aktibidad, kalusugang pangkaisipan, kalusugan ng matatanda, pag-iwas sa colorectal cancerat iskrening ng

cervical cancer, mga programa ng pagbabakuna, atbp. sa iba't ibang wika, kabilang ang Hindi, Nepali, Urdu, Thai, Bahasa Indonesia at Filipino. Ang isinalin na impormasyon ay ginamit upang maghanda ng mga materyales sa edukasyon sa kalusugan, kabilang ang mga polyeto, mga infograpiko, mga karatula at mga buklet, na na-upload sa website ng DH.

- Ang HA ay naglunsad ng inilaan na website para sa mga etnikong minoridad sa kalagitnaan ng 2015, nagbibigay ng mahalagang impormasyon na ibinigay ng kasalukuyang website ng HA sa limang mga wika, kasali ang Hindi, Nepali, Punjabi (Indiyano), Punjabi (Pakistani) at Urdu. Ang website ay naglalaman ng mga impormasyon tungkol sa HA at ang mga serbisyong aksidente at emerhensya, gayundin ang mga adres, mga numero ng telepono at mga oras ng pagkonsulta ng kalahatang labas-pasyenteng mga klinika. Ang pagbago ng website ay nakumpleto noong Pebrero 2017 upang ang mga laman ay makukuha sa tatlo pang mga wika, tulad ng Thai, Bahasa Indonesyano at Tagalog, upang mas marami pang mga grupong etniko ang mas makaintindi sa mga impormasyon na binigay ng HA.

Pagtatasa ng
Hinaharap na
Gawain

- Mayroong halos sa 15 257 mga kaso na kung saan ang mga serbisyong pagsasalin ay ibinigay sa mga etnikong minoridad sa pampublikong mga ospital/mga klinika sa ilalim ng pamamahala ng HA sa panahon simula Abril 2017hanggang Marso 2018. Ang tugon mula sa tagagamit ng serbisyo ay nagpapakita na ang mga serbisyo ay kasiya-siya. Ang HA ay patuloy na magsusubaybay sa paggamit at sa katugunan ng mga tagagamit sa mga serbisyong pagsasalin.
- Ang mga serbisyong pagsasalin ay ibinigay ng mga sentro ng kalusugan/mga klinika ng DH sa kabuuan na 4 230, 280 at 208 na mga kaso ng CHEER at pansamantalang mga tagapagpaliwanag ayon sa pagkakabanggit simula Abril 2012 (sa ngayon Marso 2019).

Karagdagang
Mga Hakbang

- Upang makamit ang pangangailangan ng mga etnikong minoridad, espesyal na pagdidiyeta tulad ng Halal na

na Ginamit /
Gagamitin

mga pagkain ay makukuha sa mga ospital ng HA.

- Ang Magarang Website ng Pasyente ng HA (SPW) ay isang-hinto na elektronikong plataporma na may mga impormasyon sa pagpamahala ng sakit at sa mapagkunan ng komunidad upang palakasin ang mga pasyente na may talamak na sakit at kanilang mga tungkulin. Upang magsilbi sa mga pangangailangan ng mga etnikong minoridad sa Hong Kong, ang HA ay nagtakda ng webpage ng impormasyon ng mga sakit sa SPW noong 2016 na kung saan nagbibigay ng mga impormasyon tungkol sa kanser, talamak na mga sakit at ibang mga sakit sa walong mga wika, tulad ng Thai, Bahasa Indonesyano, Tagalog, Nepali, Punjabi (Indyano), Punjabi (Pakistani), Hindi at Urdu. Halimbawa sa impormasyon ng sakit ay naglakis ng Koronaryong mga Sakit ng Puso, Talamak na Pagkapalya ng Bato, Diyabetes Mellitus, Dementia, Matataas na Presyon, Istrok, iba't-ibang mga Kanser at mga Sakit sa Pag-iisip. Ang HA ay magpapatuloy sa pagpapabuti ng Magarang Website ng Pasyente upang mapaunlad ang pamamahala ng sakit at mga kakayahan ng sariling pag-aalaga ng mga etnikong minoridad.
- Ang HA at DH ay magpapatuloy sa kanilang pagsisikap upang pangasiwaan ang akses ng mga etnikong minoridad sa mga serbisyo ng pangangalaga sa kalusugan ng publiko at pabutihin ang mga hakbangin na pagsusuporta para sa mga etnikong minoridad kung kailangan.

Katanungan / Mga Reklamo

Kung ang mga kasapi ng publiko ay may anumang katanungan / mga reklamo kaugnay sa mga isyung pagkakapantay-pantay ng lahi, sila'y maaaring makikipag-ugnayan sa -

Para sa mga bagay kaugnay sa HA
Kalahatang Katanungan
Awtoridadng Ospital

Para sa mga bagay kaugnay sa DH
Yunit ng Pakikipag-ugnayan sa Kliyente

Telepono: 2300 6555
E-mail: enquiry@ha.org.hk

Kagawaran ng Kalusugan
Telepono: 2836 0077
Email: cru@dh.gov.hk

Kawanihan ng Pagkain at Kalusugan
Kagawaran ng Kalusugan
Awtoridad ng Ospital
Hulyo 2019